
5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT and Entrepreneurship – Modyul 2: Angkop Ba Ang Negosyo Mo?




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**ICT and Entrepreneurship – Modyul 2: Angkop Ba Ang Negosyo Mo?**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Edcelmon S. Victorioso
**Editor:** Wilma S. Carreon, Chinky F. Baculanta, Gary B. Mosquito
**Tagasuri:** Medarlou A. Genoguin, Amer S. Santolorin, Beth Amie A. Mangupit
**Tagalapat:** Eugene S. Ignacio
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Regional No. VIII**
Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT and Entrepreneurship – Modyul 2: Angkop Ba Ang Negosyo Mo?

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling **ICT and Entrepreneurship – Angkop Ba ang Negosyo Mo?**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling **ICT and Entrepreneurship – Angkop Ba ang Negosyo Mo?**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Bawat tao ay may kaniya–kaniyang pamamaraan kung paano nila matutugunan ang kanilang walang katapusang kagustuhan at pangangailangan. Sa kanilang pakikibaka sa buhay, kinakailangan ang pagtugon upang matustusan ang mga pangunahing pangangailangan ayon sa kanilang interes, kakayahan, karanasan at ukol kanino nakatutugon ang mga natatanging produkto at serbisyo.

Ang modyul na ito ay naglalayong matukoy ang mga taong nangangailangan ng angkop na produkto at serbisyo bilang batayan sa maunlad at matalinong pamumuhay. Layunin din nitong, mailapat ang iyong mga natutuhan upang matugunan ang mga serbisyong nagbibigay tulong at tumutugon sa pangangailangan ng bawat mamamayan.



## *Subukin*

**Panuto:** Iangkop ang bawat produkto at serbisyo ayon sa taong nangangailangan nito. Pagtambalin ang mga salitang nasa **Hanay A** na tumutugon sa pangangailangan sa **Hanay B**. Isulat ang titik nang tamang sagot sa iyong kuwaderno.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
| --- | --- |
| ______ 1. Gatas at pampers | a. Mag-aaral |
| ______ 2. Sinulid at karayom | b. Taong nag-aalaga at nag-aayos ng ngipin |
| ______ 3. Lapis at papel | c. Taong maglilinis ng kuko |
| ______ 4. Gamot o Medisina | d. Tagasugpo ng sunog |
| ______ 5. Lambat at bangka | e. Nag-aayos ng bahay |
| ______ 6. Dentista | f. Tagagawa ng damit |
| ______ 7. Bumbero | g. Sanggol |
| ______ 8. Manikyurista | h. Mangingisda |
| ______ 9. Sastre | i. Taong may sakit |
| ______10. Karpentero | j. Mananahi |
| | k. Nagtitinda ng isda |

# Aralin 1 Angkop Ba Ang Negosyo Mo?

Ang pagnenegosyo ay nangangailangan ng sipag at tiyaga para umasenso at makamit ang minimithing tagumpay. Mahalagang unawain ang mga kaalaman at kasanayan sa pagpili ng uri ng negosyo at isaalang-alang ang mga pangunahing pangangailangan ng mga tao. Pahalagahan ang personal na katangian tulad ng pakikihalubilo at pagpapalawak ng karanasan sa pagpapatakbo ng negosyo.

## *Balikan*

Sa nakaraang modyul tinalakay ang kahulugan at pagkakaiba ng produkto at serbisyo. Ang produkto ay ang mga bagay na maaaring iniaalok sa merkado na nakapagbibigay ng kasiyahan sa pangunahing pangangailangan o kagustuhan ng isang mamimili. Samantalang ang serbisyo ay tumutukoy sa paglilingkod na iniaalok ng taong nagtatrabaho o ng isang uri ng negosyo sa mga konsyumer o mamimili.

Para lubusang maunawaan ang aralin at magkaroon ng malawak na kaalaman, subukang sagutin ang sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Isulat sa patlang kung Sebisyo o Produkto ang tinutukoy sa bawata bilang. Gawin ito sa kwaderno.

_________ 1. Telebisyon

_________ 2. Mekaniko

_________ 3. *Accountant*

_________ 4. *Hamburger*

_________ 5. Aklat

_________ 6. Vulcanizing Shop

_________ 7. *Dress shop*

_________ 8. Damit

_________ 9. Relo

_________10. *Internet cafe*

## *Tuklasin*

Gawin ang sumusunod na simpleng pagsasanay upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman sa paksang ating tatalakayin.

**Panuto:** Isulat ang TAMA kung ang isinasaad ng bawat pahayag ay wasto at MALI kung hindi.

_________ 1. Mahalagang isaalang-alang ang tamang pagpili ng angkop na negosyo na maaaring itayo upang makasiguro na ito ay magtatagumpay.

_________ 2. Iwasang alamin ang mga pangunahing pangangailangan ng mga tao sa pagpili ng negosyo o serbisyo na nais pagkakitaan.

_________ 3. Suportahan ang kostumer sa pagpili ng mga produkto na nais bilhin o tangkilikin.

_________ 4. Siguraduhing mapapakinabangan ng matagal ang produktong napili ng kostumer upang maiwasan nito ang magtampo o magalit.

_________ 5. Huwag making sa paliwanag ng mga kostumer lalo na kung ito ay nagagalit at maraming mga sinasabi tungkol sa napiling produkto.

_________ 6. Ugaliing magbigay ng tamang payo sa mga kostumer sa pagpili ng mga produkto.

_________ 7. Mahalagang tugunan ang mga pangangailangan ng mga kostumer kasama rito ang produktong may rasonableng presyo, mataas na kalidad at serbisyong nagbibigay ng tulong, respeto at tumutugon sa pangangailangan.

_________ 8. Huwag harapin ang mga kostumer na nais magtanong lamang tungkol produkto at walang intensiyong bumili.

_________ 9. Pumili ng mga produkto o serbisyong maaaring gamitin nang walang pangamba at ito ay hindi magiging mapanganib sa kalusugan o kaligtasan.

________ 10. Isaalang-alang ang mga produkto o serbisyong magaan sa bulsa.

## *Suriin*

Bago pag-isipan ang uri ng itatayong negosyo, kailangang tukuyin muna kung ano ang mga pangunahing produkto at serbisyo na kailangan ng mga tao. Mahalagang tugunan ang mga pangangailangan nila, kasama rito ang produktong may rasonableng presyo, mataas na kalidad at serbisyong nagbibigay ng tulong, respeto at tumutugon sa pangangailangan. Iilan sa mga taong nangangailangan ng angkop na produkto at serbisyo ay ang mga mamimili, bawat kasapi ng pamilya, bata o mag- aaral, pasyente o may sakit, mga manggagawa, mga taong biktima ng sakuna at kalamidad at iba pang mga konsyumer sa pangkalahatan. Dapat alamin kung matutugunan ba ang mga pangangailangan nila tulad ng sumusunod:

1. Maaasahang produkto at serbisyo.
2. Produktong mapapakinabangan nang matagal.
3. Mga produkto o serbisyong makatutulong sa pang-araw-araw na trabaho, katulad ng paglalaba, pagluluto, paglilinis ng bahay, at iba pa.
4. Mga produkto o serbisyong maaaring gamitin nang walang pangamba na ito'y magiging mapanganib sa kalusugan o kaligtasan.
5. Serbisyong nariyan lagi sa oras na kailangan.
6. Produkto o serbisyong magaan sa bulsa.

Mayroon pa rin tayong tinatawag na emosyonal na pangangailangan ng kostumer na kung minsan siguro ay nakalilimutan nating ibigay sa kanila. Nangangailangan ang kostumer ng:

| | |
|---|---|
| Suporta | May mga pagkakataon na nangangailangan ng suporta ang kostumer tungkol sa mga produktong hindi alam kung paano gamitin. |
| Pagtugon | Pagbibigay reaksyon sa mga hinaing ng mga kostumer. |
| Simpatiya | Maaaring magtampo at magalit ang kostumer na hindi natugunan ang inaasahan sa isang produkto o serbisyo. |
| Ginhawa | Upang hindi mainip o mahirapan ang mga kostumer, kailangan ay may wastong upuan, hindi masyadong mainit, malinis, may mapaglilibangang magasin, diyaryo o TV habang sila ay naghihintay. |
| Respeto | Igalang ang desisyon ng kostumer, kahit alam mong mali ito ngunit ayaw pa ring makinig sa paliwanag mo. |
| Tulong | May mga kostumer na hindi alam kung ano ang maganda o nababagay na produkto sa kanila kaya nangangailangan sila ng payo mo. |

## *Pagyamanin*


**Gawain A**

Panuto: Pagtambalin sa **Hanay B** ang mga larawan ng taong nangangailangan ng angkop na produkto at serbisyo na tumutugon sa **Hanay A**.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| _______ 1. Nars | a.  |
| _______ 2. *Plumber* | b.  |
| _______ 3. Pagkain | c.  |
| _______4. *Fire fighter* | d.  |
| _______ 5. Mag-aaral | e.  |

**Gawain B**

**Panuto:** Alamin ang mga emosyunal na pangangailangan ng bawat konsyumer upang mabuo ang *crossword puzzle* sa ibaba.



**Pababa**

1. May mga kostumer na hindi alam kung ano ang maganda o nababagay na produkto sa kanila. Nangangailangan sila ng payo mo.
2. Pagbibigay galang sa desisyon ng bawat kostumer.
3. Ito ay kadalasang ipinakikita sa mga ekspresyong dalamhati o awa.
4. Maaaring magtampo at magalit ang kostumer na hindi natugunan ang inaasahan sa isang produkto o serbisyo.

**Pahalang**

5. Pagbibigay nang agarang reaksyon sa mga hinaing ng mga kostumer.
6. Pagbibigay ng lakas ng loob sa mga tao tungkol sa mga produktong hindi alam kung paano gamitin.

## Isagawa

Bakit kinakailangang tukuyin ang mga taong nangangailangan ng angkop na produkto at serbisyo?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
__________________________________________.

## Isaisip

Maraming mga bagay ang dapat tandaan kung magtatayo ng negosyo o maghahatid ng serbisyo. Maliit man o Malaki ang mahalaga ito ay kumikita at nakapagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan ng mga tao. Upang lubusang maunawaan ang kabuuan ng aralin, maaaring sagutin ang mga sumusunod na pagsasanay.

**Analohiya**

**Panuto:** Batay sa ugnayan ng unang pares sa bawat bilang, pumili ng wastong pares para sa pangatlong salita. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Guro: Mag – aaral : : Doktor : ___________
   a. pasyente  b. albularyo  c. kustomer  d. hospital

2. Bola: Manlalaro : : Basket : ___________
   a. isda  b. tindahan  c. mamimili  d. paninda

3. *Barber*: ___________ : : *Carpenter* : Nagpapagawa ng Bahay
   a. mamimili sa palengke
   b. nagpapagupit ng buhok
   c. nagpapaayos ng sirang gripo
   d. nagpapakumpuni ng sasakyan

4. Papel at Bolpen : Mag – aaral : : ___________ : ___________
   a. prutas at gulay : palengke
   b. pisara at *chalk* : guro
   c. *laptop at Printer : Internet Cafe*
   d. damit at pagkain: pamilya

5. ___________: ___________: : Tsuper : Pasahero
   a. doktor : dentista
   b. panadero : mamimili ng tinapay
   c. sastre : Manikurista
   d. *Electrician : Cable Wires*

## ***Karagdagang Gawain***


**Panuto:** Tukuyin kung saan naaangkop ang bawat produkto at serbisyong nakalahad sa tsart. Piliin sa loob ng kahon ang mga taong nangangailangan nito

| | | |
|---|---|---|
| taong nasasakdal | may nasunugan | pasyente o maysakit |
| sanggol o bata | mamimili | may sirang ngipin |
| may kapansanan | pasahero | mag-aaral |
| nagkukumpuni ng bahay | | nagkukumpuni ng sirang damit |

| Produkto o Nagbibigay na Serbisyo | Taong Nangangailangan ng Angkop na Produkto at Serbisyo |
|---|---|
| 1. bumbero | |
| 2. *school bag* | |
| 3. dentista | |
| 4. *wheelchair* | |
| 5. abogado | |
| 6. doktor | |
| 7. *bus driver* | |
| 8. karpentero | |
| 9. paninda | |
| 10. andador at duyan | |

# *Tayahin*

Gamit ang *"Bubble Map"*, kilalanin o tukuyin ang mga taong nangangailangan ng angkop na produkto at serbisyo. Isulat sa kuwaderno kung ano-ano ang kanyang mga pangangailangan.



## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. G
2. J
3. A
4. I
5. H
6. B
7. D
8. C
9. F
10. E

**Tuklasin**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Tama
7. Tama
8. Mali
9. Tama
10. Tama

**Pagyamanin**

**Gawain A**

1. E
2. C
3. D
4. A
5. B

**Gawain B**

1. Tulong
2. Respeto
3. Ginhawa
4. Simpatiya
5. Pagtugon
6. Suporta

**Isaisip**

1. A
2. C
3. B
4. D
5. B

**Isagawa**

Tiyak na mahirap mag-isip ng mga produkto at serbisyong maaaring pagkakitaan, kaya nararapat lamang iayon sa tugon ng mga konsyumer upang matugunan ang mga pangangailangan nila. *(Paalala: Maaaring tanggapin ang iba pang katulad na kasagutan.)*

**Karagdagang Gawiin**

1. may nasunugan
2. mag- aaral
3. may sirang ngipin
4. may kapansanan
5. taong nasasakdal
6. pasyente
7. pasahero
8. nagkukumpuni ng bahay
9. mamimili
10. sanggol

# *Sanggunian*


K to 12 Curriculum Guide, Grade 5, EPP5IE–0a-3, p. 16

https://eskwelanaga.files.wordpress.com/2011/02/produkto-at- serbisyo.pdf

Peralta, Gloria A., et.al., (2016), *Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran* 5, Vibal Group Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph